

FILE

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 AGOSTO 1995, 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Honesto O. Taytay*	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis*	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.

* Hindi nakadalo sa panghapong sesyon

KAPASYAHAN BIG. 021
Taong 1995

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG DIREKTANG PAGTUTOL AT PAGKONDENA SA AKSYONG GINAWA NG TANGGAPAN NI SECRETARY ROBERTO S. SEBASTIAN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE SA HINDI AGAD PAGPAPALABAS AT DI PANTAY NA PAG-AKSYON SA PAGHAHATI-HATI NG BIGAS NFA PARA SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, sa panahong ito ay nagkaroon ng krisis sa bigas sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, gayundin sa buong lalawigan kung saan sa bayang ito ay tumaas ang halaga hanggang dalawampung piso (P20.00) bawa't kilo;

SAPAGKA'T, ang sitwasyong ito ay nagiging dahilan ng pagpa-panic at pagkakagulo ng mga mamamayan kung kaya't ang pamunuang lokal sa mga unang araw ng Hulyo ay maagap na nagsagawa ng pakikipag-ugnayan sa pamunuan ng panlalawigang National Food Authority upang maging Bigasang Bayan sa bayan ng Roxas na siyang mangangasiwa sa paghahati-hati nito sa dalawampung barangay;

SAPAGKA'T, sa muling pakikipag-usap sa Provincial Mangger ng NFA ay nakasabay ang isang nagsasabing kinatawan (representative) ng Grains Retailers Association of Roxas, Gng. Imelda Rivera na may dalang rekomendasyong pinadaan sa mga sumusunod na awtoridad upang mapadali ang pagkaka-akredito bilang Bigasang Bayan ng Roxas; sulat mula kay Undersecretary Rolleo "Bong" Ignacio ng Agrikultura, papunta sa NFA Administrator David na inaksyunan ni Assistant Administrator Pedro S. Hernando, Jr. patungo sa Provincial Manager Romeo Turingan;

W. S. S.

SAPAGKA'T, sa pagkakataong ito sa matinding rekomendasyon ng mga kinaukulan ay una pang napagbigyan bilang Bigasang Bayan

ed

si Gng. Imelda Rivera sa halip na ang Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at nakakuha ito ng dalawang daang kaban ng lokal na bigas sa NFA Roxas, nauna pa sa Pamahalaang Bayan ng Roxas na binigyan din ng dalawang daang kaban; binigyang muli ng limandaang kaban ang grupong ito samantalang dalawang daan lang sa Pamahalaang Bayan;

SAPAGKA'T, si Gng. Imelda Rivera sa pagkakasiyasat ay hindi miyembro ng Grains Retailers Association of Roxas at ang pag-aangkin niyang ito ay hindi alam at hindi kinikilala ng organisasyong ito; siya ay kasapi ng ibang samahan at sa dahilang kapanalig sa pulitika ng kalabang partido ay masasabi ring may kulay-pulitika ang napakadaling pag-aksyon na pinadaan sa Undersecretary Ignacio;

SAPAGKA'T, batay na rin sa sulat rekomendasyon ang pinapayagang ibigay sa kanila ay Thai Rice at hindi ang lokal na NFA rice;

SAPAGKA'T, ang kaisipan ng mga taong bayan ay lubhang nalalason ng mga ipinakakalat na balitang ang pamahalaang bayan ng Roxas ay walang ginagawang aksyon sa krisis na ito ng bigas;

SAPAGKA'T, kahit nabigyan din ng aksyon na maging Bigasang Bayan ang pamahalaang bayan ng Roxas dahil hindi agad-agad ipinalabas at nang ipalabas ay anihan na, ito ay nakaapekto nang malaki sa kredibilidad ng pamumuan na siyang pangunahing inaasahan ng taong bayan sa mga kalagayang katulad nito;

SAPAGKA'T, ang allotment ng bigas na dalawandaang kaban (200) bawat linggo sa bayan ng Roxas na ipinamamahagi sa pamamagitan ng mga Sangguniang Barangay ay kulang na kulang sa dalawampung barangay ayon na rin sa mga ulat ng mga tao at sa dahilang ito lamang din ang ipinagbibiling bigas na maaaring ma-monitor kung napalalabas nang maayos, dahil ang nakuha nina Gng. Imelda Rivera ay hindi ma-monitor at maaaring ito ay mai-sakong muli at maipagbili bilang commercial rice;

SAPAGKA'T, ang hindi magandang pag-aksyong ito ng mga kinauukulan ay nakababawas nang malaki sa pagtitiwala ng mga taong bayan sa mga matataas na awtoridad na nakaluklok sa ating pamahalaan, nakapagpapababa sa kanilang dignidad at integridad sapagka't tuwiran nilang niyuyurakan ang karapatan at kapangyarihan ng mga pinunong bayan na iniluklok at binigyang kapangyarihan ng mga mamamayan; at

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito at ang pamunuang lokal ay nagpapahayag ng direktang pagtutol at pagkondena sa aksyong ginawa ng tanggapan ni Kalihim Roberto S. Sebastian ng Kagawaran ng Agrikultura sa hindi agad-agad na pagpapalabas at di pantay na pag-aksyon sa paghahati-hati ng bigas NFA sa Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo C. Bernal na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipahayag ang direktang pagtutol at pagkondena sa aksyong ginawa ng tanggapan ni Kalihim Roberto S. Sebastian ng Kagawaran ng Agrikultura sa hindi agad-agad na pagpapalabas at di pantay na paghahati-hati ng bigas NFA para sa Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kalakip ang xeroxed copy ng mga komunikasyon ukol dito kay Kalihim Roberto S. Sebastian ng Kagawaran ng Agrikultura para sa kanilang kaalaman at pagpapanibagong patakaran sa kanilang paghahati-hati ng bigas NFA sa mga bayan-bayan at mga lalawigan.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng resolusyon kalakip din ang mga xeroxed copy ng komunikasyong binanggit ang Pangulong Fidel V. Ramos, Pangulo ng Pilipinas, Kgg. na Tserman, Committee on Agriculture and Food, Senate, Manila at House of Representatives, Quezon City, Kgg. Jesus M. Punzalan, Congressman, Distrito II ng Silangang Mindoro, Kgg. Rodolfo G. Valencia, Gobernador ng Silangang Mindoro, G. Romeo Turingan, Provincial Manager, National Food Authority, Calapan, Silangang Mindoro at Bb. Korina Sanchez at G. Noli "Boy" de Castro ng ABS-CBN, Manila para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon at suporta sa bagay na ito.

Pinagtibay ng lahat.

Agosto 14, 1995


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO IL YASON
Municipal Mayor

merz/